



# *FACT SHEET:* *Mga Highway*

## Proyektong Pagpapabuti ng I-280/Wolfe Road Interchange

### Pangkalahatang-ideya

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pakikipagtulungan ng Lungsod ng Cupertino at ng California Department of Transportation (Caltrans), ay nagmungkahing baguhin ang Wolfe Road Interchange sa Interstate 280 (I-280) sa Lungsod ng Cupertino.




### Mga Layunin

Ang layunin ng proyektong ito ay ang pasulungin ang mga operasyon ng trapiko at mga pasilidad para sa iba't ibang mga anyo ng transportasyon kabilang na ang bisikleta, pedestriyan at sasakyang tinatawag na (high occupancy vehicle) na gumagamit ng I-280 at Wolfe Road interchage sa Lungsod ng Cupertino.

### Mga Katangian ng Proyekto

Kabilang sa mga iminungkahing pagpapabuti ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Pagpapalapad sa kasalukuyang tawiran sa ibabaw o pagtatayo ng isang bagong istruktura na magdadala ng Wolfe Road sa ibabaw ng I-280
- Pagbabago ng kasalukuyang mga rampang naibababa at naitataas
- Pagbabago ng kasalukuyang mga interseksyon ng lokal na kalye at pagpapaganda ng mga pasilidad para sa bisikleta at pedestriyan sa kahabaan ng Wolfe Road
- Konstruksyon na magpapanatili ng mga pader at barikadang pang-ingay kung kinakailangan

### Halaga ng Kapital/Pagpopondo ng Proyekto

Ang magagastos sa proyekto ay tinatayang nasa pagitan ng $55 milyon at $70 milyon, na nakasalalay sa pinal na pagtiyak ng mga pagpapabuti na malalaman pa sa hinaharap. Ang proyekto ay iminungkahing popondohan ng pinagsamang VTA 2016 Measure B at ng mga lokal na pondo.

### Eskedyul ng Proyekto (nakabinbing pagpopondo)

| | |
|---|---|
| Mga Alternatibong Pag-analisa at Preliminary Engineering | 2016-2017 |
| Pag-aprubang Pangkapaligiran | 2017-2020 |
| Pagkompleto ng Disenyo | 2020-2025 |
| Konstruksyon ng Proyekto | 2026-2031 |

** Hindi pa alam ang kabuuang pondo para sa mga yugtong ito ng proyekto.*

### Kasosyo sa proyekto

Valley Transportation Authority

Caltrans

City of Cupertino

### Kung paano maabot sa amin

**VTA's Community Outreach**
(408) 321-7575
(408) 321-2330 TTY
*www.vta.org*
*community.outreach@vta.org*